

Advisory No. 072, s. 2019

Mayo 2, 2019

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013,
this advisory is issued not for endorsement, per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG KONGRESO NG SANGFIL 2019: SEMINAR-WORKSYAP SA
INTENSIPIKASYON NG FILIPINO BILANG LARANGAN SA HAMON
NG NEOLIBERALISASYON AT MAKABAGONG KURIKULUM

Ang Sanggunian sa Filipino (SANGFIL) ay magsasagawa ng Pambansang Kongreso ng SANGFIL 2019: Seminar-Worksyap sa Intensipikasyon ng Filipino Bilang Larangan sa Hamon ng Neoliberalisasyon at Makabagong Kurikulum na may temang T3: Tanggol, Tampok, Tanghal na Paraan sa Pag-aangat ng/sa Filipino Bilang Larangan ng Karunungan mula Mayo 1 hanggang 3, 2019 sa Cebu *Normal University*, Lungsod Cebu.

Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. matukoy ang mayamang kaalaman sa teorya at praktika na magagamit sa pagtuturo at iba pang paraan sa pagpapayaman ng larangan;
2. masuri ang kasalukuyang sitwasyon ng larangan ng Filipino upang matukoy ang implikasyon at tugon sa aspeto ng pagtuturo at pananaliksik;
3. malinang ang kasanayan ng mga guro sa Filipino sa pagiging maalam sa mga batayang pangnilalaman at kasanayan upang maging inobatibo at makabago gamit ang mga dulog, pamaraan, teknik, at estratihya sa lalong pagpapabuti ng larangan ng pagtuturo at pananaliksik; at
4. mailapat sa pamamagitan ng pakitang-turo at pagtatanghal ng papel-pananaliksik ang natamong kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng wika at panitikan alinsunod sa umiiral na kurikulum.

Ang mga inaasahang dadalo sa kongresong ito ay mga guro sa Filipino sa elementarya, sekundarya, at kolehiyo mula sa ibat-ibang panig ng bansa, mga mag-aaral sa antas di-gradwado at gradwado na nagpapakadalubhasa sa wika o Panitikang Filipino o anumang kaugnay na larangan, mga manunulat, tagasalin, mananaliksik at iba pang iskolar sa Filipino, at mga tagapamahala at kawani ng mga ahensyang nauugnay sa Filipino.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kina:

- Dr. Voltaire M. Villanueva
Direktor ng Pambansang Kongreso
Mobile: 0947-291-4719
Email: villanueva.vm@pnu.edu.ph
- Dr. Robert D. Ampil
Pangalawang Pangulo ng SANGFIL
Mobile: 0935-234-1244
Email: ampil_2003@yahoo.com